Programa sa Pagpapaliban ng Buwis sa Ari-arian sa California

Ikaw ba o ang iyong mahal sa buhay ay nangangailangan ng tulong sa pagpapanatili sa pagbabayad ng buwis sa pinagmamay-aring bahay na inyong tinitirhan?

Ang Programang PTP ay nagpapahintulot sa karapat-dapat na mga nagmamay-ari ng bahay na ipagpaliban ang pagbabayad sa mga buwis sa ari-arian sa pangunahing tinitirahan.

Upang maging karapat-dapat para sa Programang PTP, ikaw ay dapat:

- Nasa edad nang hindi bababa sa 62 na taong gulang, o bulag, o may kapansanan;
- Nagmamay-ari ng bahay at nakatira sa bahay bilang pangunahing tahanan;
- Mayroong kabuuang kita ng sambahayan na halagang $45,000 o mas mababa pa;
- Mayroong tubo (equity) na 40 porsyento sa halaga ng bahay na ito; at
- Iba pang mga kinakailangan.

Ang interest rate para sa mga buwis na ipinagpaliban sa ilalim ng PTP ay lima (5) porsyento sa bawat taon. Isang lagak ang ilalagay sa tunay na pag-aari, o isang kasunduan sa seguridad ang isasampa sa Kagawaran ng Pag-unlad sa Pabahay at Komunidad (Department of Housing and Community Development) para sa gawang bahay, hanggang ang account ay ganap nang nabayaran. Ang pagpopondo sa programa ay limitado. Ang mga aplikasyon ay tatanggapin mula Oktubre 1 hanggang Pebrero 10 ng bawat taon, at iproproseso ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap.

Ang kasalukuyang taon lamang na mga buwis sa ari-arian ang karapat-dapat para sa pagpapaliban. Ang pagbabayad sa ilalim ng Programang PTP ay dapat gawin kung ang nagmamay-ari ng bahay ay:

- Lumipat o ibenenta ang ari-arian;
- Inilipat ang titulo;
- Hindi makakatupad sa isang sinaunang prenda;
- Muling papopondohan (refinance) ang ari-arian;
- Mamatay; o
- Kumuha ng isang reverse mortgage.

Karagdagang mga detalye ay makukuha sa website ng Controller Ng Estado.

May mga katanungan? Makipag-ugnay sa grupo ng Kontroler sa
(800) 952-5661 or **postponement@sco.ca.gov**

Betty T. Yee
Kontroler ng Estado ng California

www.sco.ca.gov